Sistema ng Superbisyon Pagkatapos Makalaya ang mga Bilanggo
(Post-Release Supervision of Prisoners Scheme)

- Paglalarawan ng Serbisyo

Ang Sistema ng Superbisyon Pagkatapos Makalaya ang mga Bilanggo (Post-Release Supervision of Prisoners Scheme) ay pagsilbihan ang ilang kategorya ng mga pinalayang bilanggo na nasa tamang edad na naaayon sa kautusan ng superbisyon alinsunod sa Ordinansa ng Superbisyon Pagkatapos Makalaya ang mga Bilanggo (Post-Release Supervision of Prisoners Ordinance), Kabanata 475. Ang naturang sistema ay isang proyekto ng Departamento ng Kapakanang Panlipunan (Social Welfare Department o SWD) at ng Departamento para sa Koreksyonal na Serbisyo (Correctional Services Department o CSD) na inumpisahan noong 1996. Ang sistema ay nagbibigay sa mga pinalayang bilanggo na nasa tamang edad ng payo at gabay upang matulungan ang mga ito na muling makapasok sa lipunan at mamuhay nang ayon sa batas.

- Tinutukoy na Grupo

Mga pinalayang bilanggo na sumasailalim sa superbisyon pagkatapos makalaya na ini-utos ng Lupon ng Nagbibigay ng Superbisyon Pagkatapos Makalaya (Post-Release Supervision Board).

- Nilalaman ng Serbisyo

Bisitahin ang mga bilanggo sa penal na institusyon at matulungan silang bumuo ng isang plano ng rehabilitasyon para sa kanilang pagbabalik sa komunidad.

Magbigay ng gabay at payo sa mga binibigyan ng superbisyon at ng kanilang pamilya sa pamamagitan ng regular na pagbisita sa kanilang bahay/lugar ng trabaho at pag-rekomenda sa kanila sa mga kapakanang serbisyo kung kinakailangan at naangkop.

- Lupon ng Nagbibigay ng Superbisyon Pagkatapos Makalaya (Post-Release Supervision Board)

Ang haba at kondisyon ng lahat ng mga kautusan ng superbisyon ay pinagapapasyahan ng Lupon ng Nagbibigay ng Superbisyon Pagkatapos Makalaya. Ito ay isang malayang organisasyon na ayon sa batas at binubuo ng isang hukom o dating hukom na gumaganap bilang chairman, deputy chairman at mayroong hindi bababa sa anim ng miyembro na kinabibilangan ng isang psychiatrist, klinikal na psychologist at barrister/abogado at mga kinatawan ng Departamento para sa

Koreksyonal na Serbisyo, pulisya ng Hong Kong at mga sector na nagbibigay ng serbisyong kapakanan panlipunan;

- Pag-rerepaso ng Aplikasyon

Ang mga bilanggo/binibigyan ng superbisyon ay may karapatan na maghain ng hindi hihigit sa isang kahilingan sa Lupon ng Nagbibigay ng Superbisyon Pagkatapos Makalaya upang ibahin o ipagpapatupad ang kautusan sa pamamagitan ng pagsulat para sa karagdagang pagsusuri sa anumang oras o matapos magawa ang kautusan;

- Iba pang Impormasyon

Lahat ng mga personal na impormasyon na nakalap ay dapat pag-ingatan ayon sa Ordinansa sa Personal na Datos (Personal Data (Privacy) Ordinance).

Libre ang lahat ng mga serbisyo na ipinagkakaloob ng sistemang ito.

- Address at Telephone No. na maaring tawagan

Flat 20 A-B, Block F, Senior Staff Quarters,
Pamela Youde Nethersole Eastern Hospital,
3 Lok Man Road, Chai Wan,
Hong Kong
Telephone number: 2896 7318
Fax number: 2558 0595

- Oras ng Trabaho

(Lunes hanggang Biyernes) : 8:45 a.m. to 5:30 p.m.
(Pahinga tuwing tanghali : 12:30 p.m. to 1:30 p.m.)
(Sarado tuwing Sabado, Linggo at Pista Opisyal)